

PAGPAPATIBAY NG IMPRASTRATURA

Ang pagpapatibay ng imprastraktura ay isang patuloy na proseso ng pagpapabuti at pagpapalit ng sistema ng imprastraktura na nakatuon sa pagpapababa ng potensyal ng mgasunog na sinimulan ng mga imprastraktura ng kuryente. Ang mga pagpapabuting ito ay mangangailangan ng ilang taon upang maisakatuparan at kasama rito ang sumusunod na mga proyekto:

MAY TAKIP NA MGA DALUYAN

Ang may takip na mga daluyan (conductor) ay mga kawad na napapaikutan ng mga patong ng takip na may insulasyon na pumuprotekta mula sa pagkakadikit kapag may kuryente. Bagama't ang mga hubad na kawad ay nakaugalian nang gamitin sa California bilang isang maaasahan, mura at epektibong solusyon, papalitan ng Liberty Utilities ang mga hubad na daluyan ng may takip na daluyan sa mga lugar na may mataas na peligro ng sunog upang mabawasan ang panganib ng napakalaking sunog (wildfire).

PAGSUBOK NG KARGA AT PAGPALIT NG POSTE

Naiintindihan ng Liberty Utilities na ang sirang mga poste ay nagdudulot ng mga panganib sa seguridad, pagiging maaasahan, at sunog. Upang maiwasan ang pagkasira ng mga poste, pinapabilis ng Liberty Utilities ang pagsubok at pagpapalit ng mga poste sa buong bansa.

PAGPAPALIT NG MGA FUSE

Ang mga karaniwang fuse, kapag pinatatakbo, pinatalay naglalabas ng mga maiinit na partikulo at gas, na maaaring magsimula ng mga sunog. Upang mabawasan ang panganib ng napakalaking sunog, iminumungkahi ng Liberty Utilities na palitan ang mga karaniwang fuse ng mga current limiting na fuse sa karamihan ng mga sistema nito sa susunod na mga taon.

PAGPALIT SA BROCKWAY SUBSTATION

Ang Brockway Substation sa Kings Beach ay isang 60-taon na pasilidad na itinayo gamit ang mga kahoy na poste at mga cross arm at ng hindi na ginagamit na mga oil-circuit breaker. Ang pasilidad na ito ay itinuring na peligro sa sunog at nakatakdang isara at palitan.

PAGLIPAT SA ILALIM NG LUPA

Ang Liberty Utilities ay patuloy na inililipat sa ilalim ng lupa ang mga seksyon ng grid ng kuryente and ipagpapatuloy ito ssa mga darating na taon.



Liberty Utilities

PLANO NG PAGPAPAGAAN SA NAPAKALAKING SUNOG

ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang Liberty Utilities ay nagsasagawa ng pag-iingat na mga hakbang upang maprotektahan ang komunidad mula sa mga napakalaking sunog sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang matatag na plano ng pagpapagaan ng napakalaking sunog. Ang pinakamahusay na paraan upang manatiling may kaalaman tungkol sa mga pagpatay ng kuryente, pamamahala ng halamanan at mga pag-upgrade ng sistema ay ang pagtiyak na ang iyong personal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan na naka-file sa Liberty Utilities ay napapanahon.

Upang ma-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ang mga kostumer ay maaaring:



1-800-782-2506:



LibertyUtilities.com

Ang mga mapaminsalang napakalaking sunog ay naging normal na sa California. Upang mabawasan ang panganib ng mga napakalaking sunog sa mga komunidad na pinagsisilbihan namin, ang Liberty Utilities ay gumagawa ng mga agresibong hakbang upang mapanatiling ligtas ang iyong pamilya.

Gaya ng nakita sa mga nakaraang taon, ang isang tilamsik ay maaaring mabilis na maging isang sunog na kayang sirain ang mga buong komunidad.

Ang Liberty Utilities ay lubos na alam ang makabuluhang peligro ng sunog sa Lake Tahoe Basin at nakapaligid na mga kagubatan na bumubuo sa teritoryo ng serbisyo nito. Ang tagtuyot at impetasyon ng bark beetle ay nagwawasak ng mga bahagi ng ating lokal na kagubatan, dahan-dahang sinasakal ang buhay palabas sa mga puno na nakatanim sa atingkalupaan. Ang mga namamatay na punong ito ay nagsisilbing mainam na panggatong para sa mga napakalaking sunog na nagbabanta sa kaligtasan ng ating komunidad.

May mga hakbang na maaari nating gawin upang maprotektahan ang lokal na komunidad mula sa banta ng napakalaking sunog, kung kaya kamakailan lang ay ipinatupad ng Liberty Utility ang isang plano ng pagpapagaan sa napakalaking sunog na binuo upang matugunan ang mga lokal na kadahilanan na maaaring ilagay sa peligro ang ating rehiyon

LOKAL AT TUMUTUGON. MAY MALASAKIT.

Ang tilamsik ng sanhi ng napakalaking sunog ay maaaring magsimula sa upos ng sigarilyo, apoy sa kamping o kahit sa imprastraktura ng kuryente. Imposibleng mahulaan kung kailan o kung saan maaaring magsimula ang isang napakalaking sunog, ngunit ang ilang mga kadahilanan tulad ng isang nagbabagong klima, mga tuyong kagubatan at mga kondisyon ng hangin ay naglagay sa alerto sa karamihan ng Golden State.

Narito ang ilang mga hakbang na ginagawa ng Liberty Utilities upang maprotektahan ka at ang iyong pamilya:

PAMAMAHALA NG MGA HALAMANAN

INSPEKSYON

Ang mga tauhan ng Liberty Utilities ay nagtatrabaho buong taon sa buong rehiyon upang siyasatin ang mga puno at halaman sa paligid ng mga linya ng kuryente. Upang sumunod sa batas ng estado at pinakamahusay na kasanayan sa kaligtasan, ang anumang mga puno o sanga na tumubo malapit sa mga linya ng kuryente ay puputulin o tatanggalin upang mabawasan ang anumang panganib sa napakalaking sunog.

Ang karamihan sa gawain ng pamamahala ng puno at halaman ay isinasagawa mula Mayo hanggang Oktubre, ngunit ang trabaho ay nagpapatuloy sa mga buwan ng taglamig at maaaring kasama rito ang napakahirap na gawain ng pag-alis ng mga labi ng mga halaman pagkatapos ng mga bagyo ng niyebe.

Dinagdagan ng Liberty Utilities ang pamumuhunan sa programa ng pamamahala ng mga halaman ng humigit-kumulang na

\$6 MILYON
TAUN-TAON

upang matiyak na ang lahat ng mga puno at halaman na malapit sa mga linya ng kuryente ay maputol o matanggal sa loob ng naaangkop na panahon.

TAUN-TAON PAGTANGGAL AT NOTIPIKASYON

Kapag ang mga puno ay kinilala para sa pagputol, inuutusan ang mga tauhan na putulin ang mga sanga at mga halaman pabalik sa pinakamababa na 12 talampakan mula sa mataas na boltahe na mga linya ng kuryente upang matiyak na ang sapat na layo ay mapanatili sa panahon ng pag-ikot ng pagpapanatili. Kikilalanin din ng mga tauhan ang anumang mga puno na dapat tanggalin na patay na, may sakit o maaaring matumba anumang oras, maging ang mga ito man ay nasa katanggap-tanggap na layo, kung may potensyal silang matumba sa mga linya ng kuryente.

Kung kailangang tanggalin ang mga puno, Ang Liberty Utilities at ang mga kontratista nito ay magpapaalam sa may-ari bago simulan ang pagtanggal sa pamamagitan ng isang doorhanger.

Ang mga kostumer ay hindi dapat subukan na gawin ang pagputol nang sarilinan, dahil sa panganib ng pagkalantad sa mga linya ng kuryente sa proseso ng pagputol.

Ang Liberty Utilities ay nag-aalok ng libreng serbisyo sa pagputol sa mga kostumer na naniniwala na ang puno o sanga ay mapanganib sa malapit na imprastraktura ng kuryente. Kapag may nakita kang puno o sanga na sa tingin mo ay mapanganib, magsumite ng hiling para sa pagputol ng puno sa LibertyUtilities.com o



Tumawag sa
530-546-1787



PAGPATAY SA KURYENTE PARA SA KALIGTASAN NG PUBLIKO

Ang isang Pagpatay Sa Kuryente Para Sa Kaligtasan Ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS) ay ang proseso kung saan ang tagapagbigay ng serbisyo ng kuryente ay maaaring patayin ang kuryente sa ilang mga lugar kung kailan at kung saan ang mga kondisyon ng panahon ay lumikha ng isang mataas na peligro ng sunog. Ang pagpapatupad ng isang PSPS, na nagiging madalas na, ay suportado ng Estado ng California bilang pinakamahusay na kasanayan sa kaligtasan.

MGA KONDISYON NG PANAHO AT KAPALIGIRAN

Ang Liberty Utility ay naglagay ng mga istasyon ng panahon sa buong lokal na lugar ng serbisyo, at nakikipagtulungan sa mga eksperto sa panahon ng sunog, sa National Weather Service, at sa mga lokal na opisyal ng sunog upang subaybayan ang mga lokal na kondisyon ng panahon.



PAMANTAYAN SA PAGPATAY NG KURYENTE PARA SA KALIGTASAN NG PUBLIKO

Habang walang iisang dahilan na magdidikta sa Pagpatay sa Kuryente Para Sa Kaligtasan ng Publiko, ang ilang mga kadahilanan ay:

- ✓ PULANG BANDILA NG BABALA
- ✓ MABABANG KAHALUMIGMIGAN
- ✓ MGA KUNDISYON NG TUYONG PANGGATONG
- ✓ FORECAST NG PAGBUGSO NG HANGIN
- ✓ INIT/TEMPERATURA

NOTIPIKASYON

Kapag may posibilidad ng PSPS, ang Liberty Utilities ay mag-aabiso sa mga kostumer, lokal na pamahalaan at mga ahensya ng kaligtasan ng potensyal na pangangailangang patayin ang kuryente at bigyan ng abiso ang komunidad sa pagbabago ng panahon. Ang mga kostumer ay hinihikayat na i-follow ang utility sa Twitter ([@LibertyUtil_CA](https://twitter.com/LibertyUtil_CA)) at Facebook ([@LibertyUtilitiesLT](https://www.facebook.com/LibertyUtilitiesLT)) upang makatanggap ng napapanahong mga pag-update sa mga pagkawala ng kuryente, planado o hindi planado.